Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya."}

Ayon kay Abū Ḥamzah Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya), na tagapaglingkod ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na hindi naisasakatotohanan ang kumpletong pananampalataya para sa isa sa mga Muslim hanggang sa ibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya na mga pagtalima at mga uri ng mga kabutihan sa buhay panrelihiyon at buhay pangmundo at kasuklaman niya para rito ang kinasusuklaman niya para sa sarili niya. Kaya kung nakakita siya sa kapatid niyang Muslim ng isang kakulangan sa buhay panrelihiyon nito, magsusumikap siya na magsaayos nito; at kung nakakita siya rito ng isang kabutihan, magtatama siya rito, tutulong siya rito, at magpapayo siya rito kaugnay sa nauukol sa buhay panrelihiyon nito o buhay pangmundo nito.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/66520